LUNES NA WALANG WHEELCHAIR

Isang araw, Linggo ng umaga
Sa paggising ko, bumungad sa akin ang nakabukas na maleta

Si Ahma, may sakit sa bato at malubhang karamdaman
Tanging tubig na lang ang kanyang pag-asa,
Parang isang ibong nasa mataas na puno na naghihintay sa panibagong umaga

Paglipas ng isang Linggo, imbis na wheelchair ang dadalhin, maleta na nadala

Sa mahabang panahong taimtim, nanalanging sana'y magkaroon ng araw ng pahinga

Parang mahikerong ginawang kalapati ang kanyang panyo

Pikit ang mata, napagtanto ko ang isang ideyang walang pakpak
Kailangan kaya nila ng mga pampagandang gawa sa Pinas?

Nagmamasid sa paligid na may halong pangamba

Umaapaw na pampaganda ang laman ng dala dalang maleta

At kapag naririnig ang paparating na may kulay asul at pulang sasakyan ng pulis ay kailangan itong isara

Aking napagtanto na ang kaligayahan ay nasa ugat at hindi sa bunga

Sa pagdami ng mga tao sa araw ng kanilang pahinga, unti-unting naubos ang aking paninda
At wala ng nakapansin na iligal ang aking ginagawa

Ang masayang sandali ay naipagpatuloy hanggang sa bahay
At ang litrato ng aking anak na nasa loob ng aking selpon ay parang nasa aking harapan lamang

Sa aking panaginip ay nag-uusap kami ni Ahma sa wikang Mandarin

Gabi ng Linggo habang nakatingin sa nakabukas na maleta at nagtatanong
Ano kaya ang gagawin ko sa Lunes kung walang trabaho?

Isinalin mula sa wikang Ingles nina Kim Seungyong, Yvonne Zamora, Nineta Penida